

SPRING NEWSLETTER 2020 - VOLUME 3 - SPECIAL EDITION***Supporting Immigrant Communities Amid COVID-19 Crisis***

ANG APILO AY NARITO UPANG TULUNGAN ANG MGA BIKTIMA NG KAARAHASANG PANTAHANAN SA PANAHON NG COVID-19 PANDEMIC.

Ang bilang ng mga kaso ng karahasan sa tahanan ay patuloy na tumataas sa panahon ng pandemya na COVID-19. Ang **Emergency Protective Order (EPO)** at **Domestic Violence Restraining Order (DVRO)** ay makakatulong sa iyo at sa iyong anak na maprotektahan mula sa pang-aabuso.

TEMPORARY RESTRAINING ORDER (TRO) & DV RESTRAINING ORDER (DVRO) :

- Ang mga korte sa **SF, San Mateo, Contra Costa, Santa Clara** at **Alameda** county ay patuloy na tumatanggap ng mga kahilingan para sa Temporary Restraining Order (TRO).
- Ipinagkakaloob ang TRO bago magkaroon ng pagkakataon ang mga partido na magkaroon na pormal na pagdinig ng kaso para sa isang permanenteng DVRO.
- Matapos eto maipagkaloob, **mananatili itong epektibo sa loob ng 90 araw.**

EMERGENCY PROTECTIVE ORDER (EPO):

- Eto ay ipinagkakaloob ng isang hukom sa kahilingan ng isang pulis na tumugon sa isang pangyayari ng karahasan sa tahanan kapag ang isang biktima ay nasa agarang panganib at tumawag sa **9-1-1.**
- Ang EPO ay maaaring maigawad **24 oras, 7 araw sa loob ng isang linggo.**
- Ang EPO ay may bisa hanggang **30 araw mula sa petsa ng pagkakaloob nito.**



Ang mga abogado ng APILO ay maaaring magbigay ng ligal na payo kung paano makakuha ng mga mahahalagang utos na proteksiyon at mapagkukunan ng mga imporamsyon para sa pagpapalano ng kaligtasan. Mangyaring tumawag sa ang aming tanggapan sa **(415) 567-6255** at **(510) 251-2846** para sa karagdagang impormasyon.

**Pagprotekta sa Ating mga Matatanda sa panahon ng
COVID-19 Pag-uulat ng Pang-aabuso sa mga nakakatanda
Mga Insidente at Pag-iwas sa mga panloloko.**

Bilang tagapag-ayos ng Asian Pacific Islander (API) Elder Abuse Task Force, ang **APILO** ay nakatuon sa pagsuporta sa ating mga nakatatandang imigrante. Ang mga matatanda ay lalo na naapektuhan ng COVID-19 sa mga sumusunod na paraan.



MGA AHENSIYA SA PANGANGALAGA / MGA PASILIDAD NA TUMUTULONG SA PANG ARAW-ARAW NA PAMUMUHAY AT COVID-19

Upang mabawasan ang impeksyon, **maraming mga nursing homes at mga pasilidad na tumutulong sa pang araw-araw na pamumuhay ang naghihigpit sa pagbisita.** Ang mga matatanda ay nasa panganib kapwa sa pagkahawa sa COVID-19 pati na rin ang negatibong epekto sa kanilang kalusugan dahil sa pagkakawalay sa kanilang mga mahal sa buhay at ibang tao. Narito ang maaari mong gawin upang masuportahan ang mga mahal sa buhay sa mga pasilidad na ito:

- **Bisitahin ang mga mahal sa buhay sa pamamagitan ng mga tawag, video, atbp.** Ang mga pasilidad ay dapat gumawa ng mga paraan upang suportahan ang mga pagsisikap na ito.
- Maging tagapagtaguyod sa pamamagitan ng **pagtawag / email** sa mga pasilidad na ito upang magbigay ng matatag na komunikasyon at *transparency* na may kaugnayan sa mga kaso ng COVID-19.
- Makipag-ugnay sa iyong lokal na programa ng ombudsman upang mapadali ang komunikasyon sa mga pasilidad:
 - **San Francisco:** (415) 751-9788
 - **Alameda County:** (510) 638-6878
 - Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang **California Advocates for Nursing Home Reform** (CANHR) website at www.canhrnews.com.



MGA TIP PARA MAIWASAN ANG PANLOLOKO MAY KAUGNAYAN SA STIMULUS PAYMENT

Ang mga nakatatanda ay pinupuntirya ng mga manloloko may kaugnayan sa Stimulus payment. **Mag-ingat sa paglalahad ng personal na impormasyon sa sinuman. Mangyaring makipag-ugnay sa tanggapan ng APILO para sa anumang tulong na may kaugnayan sa mga scam.**

- **Walang mga bayarin o singil na nauugnay sa Stimulus Payment.** Hindi ka hihingan ng gobyerno na bayaran ang anumang bagay upang matanggap ang iyong *StimulusCheck*.
- Ang gobyerno ay HINDI kailanman tatawag upang hingin ang iyong numero ng *Social Security, bank account, o numero ng credit card*. **HUWAG isiwalat ang ganitong uri ng personal na impormasyon.**
- **Iulat ang anumang mga scam sa:**
 - **Lokal na kagawaran ng pulisya**
 - *Federal Trade Commission* sa www.ftc.gov/complaint



MGA SERBISYO NG APILO PARA SA MGA KABATAAN SA PANAHOON NG COVID-19: PROGRAMA PARA SA KABATAAN, GAWA NG KABATAAN



Ang aming mga kabataan na kasali sa aming pagsasanay ay lumikha ng isang listahan kung saan makakakuha ng iba't-ibang impormasyon, **"Ang Bay Area Youth COVID-19 Resource List."** Kabilang dito ang mga mapagkukunan ng impormasyon at mga kaalaman may kaugnayan sa mga impormasyong nakatuon sa mga kabataan, at mga impormasyon tungkol sa mga serbisyong panlipunan may kaugnayan sa trauma, karahasan sa tahanan, kalusugan ng kaisipan, kalusugan sa pisikal, pag-boboluntaryo, *virtual community spaces*, at mga libangan.

- **Link para sa "Bay Area Youth COVID-19 Listahan ng Mapagkukunan ng impormasyon:**
<http://tinyurl.com/yacresources20>
- **Tagapayo para sa Kabataan Instagram kasama ang Mga Materyales na Pang-edukasyon at Pagpapalabas:**
<https://www.instagram.com/apiloyac/>



Kung nais mong makipag-usap sa isang abogado para sa legal na payo, maaari pong tawagan ang aming tanggapan sa (415) 567-6255 or (510) 251-2846. Isang empleyado ng APILO ay handa ng makipagusap sa inyo sa Korean, **Tagalog**, Intsik, Hapon, Espanyol, Vietnamese at Ingles.

Ang programa para sa kabataan ng APILO ay may mga pagbabagong ginawa sa kanilang programa upang matugunan ang mga natatanging pangangailangan ng mga kabataan sa kasalukuyan . Ang APILO ay gumawa ng mga sumusunod na hakbang:

- **Lalong pagsusumikap na abutin ang marami pang kabataan**
- Pag-gamit ng mga paraan upang makamusta at makipag-usap sa mga kabataang kasali sa pagsasanay ng **APILO Youth Advisory Council Internship** nang mas madalas (3-4 beses bawat linggo sa maliliit na grupo at bilang isang malaking grupo).
- Pananatiling bukas sa publiko sa pamamagitan ng aming kumpidensyal na linya ng *text message* (**415-935-3313**) at *e-mail* (**yp@apilegaloutreach.org**)